# Kapag nagsagawa ng wudu ang isa sa inyo at nagsuot siya ng khuff niya, magdasal siya nang nakasuot nito at magpahid siya sa ibabaw nito, pagkatapos maghubad siya nito kung niloob niya, malibang dahil sa janābah."}

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (pagpalain siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) ay nagsabi: "Kapag nagsagawa ng wudu ang isa sa inyo at nagsuot siya ng khuff niya, magdasal siya nang nakasuot nito at magpahid siya sa ibabaw nito, pagkatapos maghubad siya nito kung niloob niya, malibang dahil sa janābah."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dāraquṭnīy]

Naglilinaw ang Propeta (s) na kapag nagsuot ang Muslim ng khuff niya matapos na nagsagawa siya ng wudu, pagkatapos nawalang-bisa ito matapos niyon at nagnais siya na magsagawa ng wudu, ukol sa kanya ang magpahid dito kung nagnais siya niyon. Magdasal siya nang nakasuot nito at huwag siyang maghubad nito sa isang yugtong nalalaman; malibang kapag junub siya, kakailanganin sa kanya ang maghubad ng khuff at ang maligo.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee